## Paunawa sa Forum ng Komunidad hinggil sa Batas sa TRUTH 2025

**SA PAMAMAGITAN NITO, IBINIBIGAY ANG PAUNAWA** na sa Martes, Abril 22, 2025, sa ganap na 6:00 p.m. sa Room 310, 1600 Pacific Highway, San Diego, CA 92101, gaganapin ang pampublikong Forum ng Komunidad hinggil sa batas sa TRUTH, sa Regular na Pagpupulong ng Lupon ng Mga Superbisor, alinsunod sa seksyon 7283.1(d) ng Kodigo ng Pamahalaan. Nilalayon sa Forum ng Komunidad hinggil sa Batas sa Transparent Review of Unjust Transfers and Holds (“TRUTH”) (Matapat na Pagsusuri ng Mga Hindi Makatarungang Paglilipat at Pagpigil) na magbigay ng impormasyon tungkol sa access ng Immigration and Customs Enforcement (ICE) sa mga indibidwal at matanggap at maisaalang-alang ang komento ng publiko, alinsunod sa Seksyon 7283 at 7283.1 ng Kodigo ng Pamahalaan.

Maaaring dumalo sa pampublikong forum nang personal o sa virtual na paraan ang mga gustong magkomento, o puwede silang magsumite ng mga nakasulat na komento, na dapat matanggap ng County bago ang forum. Dapat ipadala ang mga nakasulat na komento sa CLERK OF THE BOARD, 1600 Pacific Highway, Room 402, San Diego, CA 92101, o maaaring isumite ang mga ito online sa pamamagitan ng sistema sa eComment ng Klerk ng Lupon sa www.sandiegocounty.gov/ecomment kasunod ng pagpaskil ng agenda ng pagpupulong. Dapat bumisita sa www.sandiegocounty.gov/telecomments ang mga gustong makilahok sa pagpupulong sa virtual na paraan para sa impormasyon kung paano ito gawin.

**Magkakaroon ng interpretasyon sa Spanish sa Forum ng Komunidad hinggil sa Batas sa TRUTH. Maaari ring magkaroon ng mga interpreter para sa sabay-sabay na interpretasyon sa Arabic, Chinese, Korean, Persian, Somali, Spanish, Tagalog, at Vietnamese. Dapat makipag-ugnayan ang mga residenteng nangangailangan ng interpretasyon sa Klerk ng Lupon ng Mga Superbisor sa (619) 531-5434 hanggang Abril 15, 2025, para magkaroon ng interpreter sa forum.**

Maa-access din ng mga indibidwal na may mga kapansanan ang pampublikong pagdinig na ito. Kung kinakailangan ang mga serbisyo ng interpreter para sa mga may kapansanan sa pandinig, mangyaring tumawag sa Tagapagsaayos sa Batas para sa Mga Amerikanong May Mga Kapansanan (Americans with Disabilities Act) ng County sa (619) 531-4908, o sa California Relay Service, kung mag-aabiso sa pamamagitan ng TDD, nang hindi lalampas sa limang araw bago ang petsa ng pagdinig.